# Childhood Quarantine: Pagsusuri sa Akdang *Ang Misteryo sa Patong-Patong na Damit ni Hulyan* Bilang Radikal na Kuwentong Pambata sa Panahon ng Pandemya sa Pilipinas

**Alyssa Manalo Teodoro**
PUP-Manila
manaloly@gmail.com

## ABSTRAK

Naging daluyan ang panitikan, sa anumang anyo at uri nito bilang isang salamin ng lipunan sa isang partikular na panahon. Isa na rito ang panitikang pambata na akdang pampanitikan na ang mambabasa ay bata o mga bata. Naging instrumento rin ang panitikang pambata upang ipakita sa bata maging sa matatanda ang tunay na sitwasyon ng mundong kanilang ginagalawan. Ang radikal na kuwentong pambata ay kilala bilang progresibong panitikang pambata na hinihikayat ang mambabasa na makilahok sa pagbabagong panlipunan. Nais ipakita ng papel na ito ang isang radikal na kuwentong pambata sa panahon ng pandemya at ang isang mabigat na krimen na nangyayari sa ilang tahanan sa Pilipinas. Sa pagsusuri gamit ang textual analysis sa akdang *Ang Misteryo sa Patong-patong na Damit ni Hulyan* na isang radikal na kuwentong pambata sa panahon ng pandemya, nais ipakita ng papel ang umiigting na Online Sexual Exploitation of Children sa Pilipinas at ang mabigat na karanasan ng mga batang nagiging biktima nito. Tatalakayin din ang ilang obhektibong sitwasyon ng mga batang Pilipino sa panahon ng pandemya bilang lunsaran ng kamalayan sa pagkatha ng mga radikal na kuwentong pambata sa hinaharap.

**Susing salita:** *radikal na kuwentong pambata, bata, Online Sexual Exploitation of Children, pandemya, COVID-19*

## ABSTRACT

Literature became a medium, in any form and kind as a reflection of society at a particular time. One of these is children's literature, a literary work whose reader is a child or children. Children's literature has also become an instrument to show children as well as adults the real situation of the world in which they live. Radical children's literature also known as progressive children's literature encourages the reader to participate in social change. This study wants to present a radical children's story during the pandemic and a heinous crime happening in some homes in the Philippines. By using textual analysis as its methodology, *The Mystery Behind Hulyan's Layered Clothes*, is a radical children's story published during the pandemic. The study wants to show the intensifying Online Sexual Exploitation of Children in the Philippines and the dark experience of a child as a victim. Some objective situations of the Filipino children during the pandemic

will also be discussed to raise awareness in inventing radical children's literature in the future.

**Keywords:** *radical children's literature, children, children's literature, Online Sexual Exploitation of Children, pandemic, COVID-19*

*Alon sa dagat, humahalik, bumabalik.*
*Ang talon sa bundok, sa tubig din uuwi.*
*Ang habagat sa kalawakan, katumbas nama'y hangin.*
*Sa pasalungat man na anyo, ito'y mananatili...*
*Sa pasalungat man na anyo, ito'y mananatili...*
*Kaya bakit karapatan ay dapat na ipagkait.*
*Sa isang musmos na gutom na alamin.*
*Kailangan lamang niya'y gabay na titingin,*
*Mananatiling bata, maalam na sa paligid.*
*Sa murang edad, lahat ng balakid, kaya nang harapin!*

*-Segundo D. Matias Jr.*

## PANIMULA

Sino ang batang Pilipino? Sa paliwanag ni Evasco, ang bata ay "sinumang nilalang na may edad 18 pababa." Sa Pilipinas, iniuugnay ang depinisyong ito lalo na sa mga tungkulin at patakarang legal- mga menor de edad ang bansag sa mga ito na limitado ang kilos tulad sa paggawa o pagtatrabaho at pagpapakasal. Itinakda ng United Nations Covention on the Rights of the Child at ipinagtibay ito bilang internasyonal na batas noong ika-20 ng Nobyembre, 1989. Ayon din sa kanya na sa kaso ng ating bansa, ang makaranas ng pagkabata ay pribilehiyo para sa nakararami. Sinasabing maagang tumatanda ang mga bata sa bansa. Minsa'y wala pang pagkakaiba sa pagitan ng bata at matanda. Kaya madalas, isinasabak na kaagad ang bata sa paggawa para makaraos sa pang-araw-araw na pamumuhay ng pamilya. Maaari namang hinahayaan silang humawak ng baril para sa digmaan, ginagawang pambayad-utang, naisasama sa iisang piitan kasama ng matatandang bilanggo, o kaya'y nasasabak sa mga delikadong trabaho gaya ng muro-ami, pagiging alipin, at pagbebenta ng sariling katawan. Sa katunayan, naidetalye ni Torres (2011) ang malalagim na karanasan ng mga batang Pilipinong manggagawa gaya ng mga batang manggagawa sa agrikultura, batang kasambahay, pagkakalkal ng mga bata, at mga batang minero (110). Kung gayon, dapat isakonteksto at tugunan ng panitikang pambata ang pangangailangan ng mga batang Pilipino lalo na sa panahon ng pandemya.

Sa panahon ng pandemya maraming maitutulong ang panitikang pambata para sa mga magulang, guro at komunidad upang tulungan sila sa pagpapaunawa at pagbibigay ng impormasyon sa mga bata hinggil sa iba't ibang usapin ng pamumuhay sa panahon ng pandemya. Isang halimbawa na rito ang ginawang kuwentong pambata ni Izabelle Daza noong Abril 20, 2020, isang kilalang artista, na pinamagatang *Ang Tigreng si Tralala* na may tema hinggil sa pagbabago ng pamumuhay at nakagawain ng mga bata dahil sa COVID-19. Mayroon din sa *Tsikiting Stories* sa pangunguna ng UPLB Department of Human and Family Development Studies ang mayroong ganitong tema, pinamagatang "*Maskara ni Miko"* na isinulat ni Propesor Kate del Rosario ng Unibersidad ng Pilipinas Los Baňos at guhit ni Rachell Ann Fabula. Tampok din ang isang kuwentong pambata ng SunGrey Day na libreng mapapanuod sa Youtube na pinamagatang "*Ang Halimaw na si CORONA Virus 2020"* na halintulad din sa nasabing tema. Iilan lamang ito sa marami pang kuwentong pambata na nalikha sa panahon ng pandemya at pumapaksa hinggil sa rito.

Ngunit higit pa roon ang nais ibigay ng radikal na kuwentong pambata para sa kaniyang mambabasa. Tinutukoy ng radikalismo sa panitikan "ang pagsusulong ng mga ideya tungo sa malawakan o pangkalahatang pagbabagong pampolitika at panlipunan." Katumbas nito ang mga salitang "rebolusyonaryo" at "progresibo." Sa pangkalahatan, nagiging radikal ang panitikang pambata, ayon kay Julia L. Mickenberg (2017), sa nilalaman, anyo, o posibleng kombinasyon ng dalawa. Dagdag pa niya, "ito ang uri ng panitikan na humahamon sa mga kombensiyon at pamantayan hinggil sa lipunan at sa pagkabata. Nanghihikayat ang mga radikal na akdang pampanitikan ng pagbabago, lalo na sa mga kilusang nagsusulong ng panlipunan at pangkapaligirang katarungan (Evasco 5). Ang radikal na kuwentong pambata ay may kaugnayan sa pagtugon sa batayang karapatan ng batang Pilipino. Ayon sa *Presidential Decree No. 603 o ang Child and Youth Welfare Code,* ang mga bata edad 12 pababa ay dapat makatamasa ng mga sumusunod:

1. Karapatan ng bawat bata ang isilang;
2. Karapatan ng bawat bata ang magkaroon ng buong pamilya;
3. Karapatan ng bawat bata ang mapalaki at maging kapaki-pakinabang sa lipunan;
4. Karapatan ng bawat bata na matugunan ang kaniyang basikong pangangailangan;
5. Karapatan ng bawat bata na magkaroon ng kakayanan para sa isang magandang buhay;
6. Karapatan ng bawat bata ang makapag-aral;
7. Karapatan ng bawat bata ang maglaro at sulitin ang kanilang pagkabata;
8. Karapatan ng bawat bata ang maprotektahan laban sa anumang kapahamakan;
9. Karapatan ng bawat bata ang mabuhay sa isang produktibong komunidad;

10. Karapatan ng bawat bata ang maalagaan kung wala ang presensiya ng kaniyang magulang o tagapag-alaga;
11. Karapatan ng bawat bata ang isang mabuting gubyerno; at
12. Karapatan ng bawat bata ang maging malaya at ang kapayapaan.

Ang mga karapatang ito ay naging mailap na noon pa man sa mayorya ng batang Pilipino lalo na iyong mga kabilang sa mahihirap na pamilya, pamilyang kabilang sa isang pangkat etniko, at iba pa na nakararanas din ng diskriminasyon sa lipunan. Panandalian lamang ang alingawngaw sa midya, balita, at pahayagan hinggil sa mga pinagdaanang hirap ng mga bata sa panahon ng pandemya at hanggang sa kasalukuyan ay walang konkretong plano o solusyon para tugunan ang mga suliranin na umuusbong. Sa nagdaang taon, habang umiigting ang krisis ng kahirapan sa bansa ay tiyak na hindi nasusunod ng maraming magulang at tagapangalaga ang batas na ito. Sa panahon ng pandemya na makikitaan ng pagsadsad ng ekonomiya at kawalan ng trabaho ng milyong Pilipino, ano na nga ba ang sitwasyon ng batang Pilipino, maisasalamin ba ng mga radikal na kuwentong pambata ang isang suliranin na kinakaharap ng mga batang Pilipino sa panahon ng pandemya, at sino ang dapat tumugon sa mga suliranin na kinakaharap ng mga batang Pilipino sa panahon ng pandemya?.

**Sitwasyon ng Batang Pilipino sa Panahon ng Pandemya**

Dahil sa banta ng COVID-19, maraming pagbabago sa buhay ng mamamayang Pilipino higit sa mga batang Pilipino. Maraming pag-aaral ang nagsasabi na maraming masamang epekto ang pandemya hindi lamang sa kalusugan ng bata kundi sa marami pang aspeto ng kaniyang buhay at paglaki. Ayon kay Castaňeda (2020) malaki ang epekto ng pandemya sa mga bata partikular sa sikolohikal na aspekto. Lumikha ito ng takot, kawalan ng kasiguraduhan sa kinabukasan, pagbabago sa mga nakasanayang gawain, physical o social isolation kasama ang mataas na lebel ng stress sa mga magulang. Sa panahon ng pandemya, madalas na nagtatrabaho sa kanilang mga tahanan ang mga magulang o hindi naman kaya ay naging unemployed o nawala ng trabaho dahil sa pagsasara ng pinapasukan. Sa kabilang banda, may ilang mga magulang na nagtatrabaho bilang essential workers at mayroong mataas na tsansa na makakuha ng sakit na COVID-19 sa kanilang trabaho, at humaharap pa sa dagdag na suliranin na dala ng kawalan ng tagapangala para sa kanilang anak. Kritikal na bahagi sa buhay ang pagkabata sapagkat dito nabubuo ang pisikal, sosyal, emosyonal, at kognitibong kakayahan na magiging basehan ng malusog na pangangatawan at pag-uugali na dadalhin ng isang bata sa kanyang buhay. Ang maayos na samahan o relasyon, masaganang nutrisyon, at ligtas na tahanan ay suporta sa pagkakaroon ng positibong pagkatuto, pag-uugali, at kalusugan. Ang pagwasak ng konteksto ng pamilya dulot ng pagsasara ng mga childcare centers, paaralan, recreational facilities, at palaruan ay maaaring magkaroon ng epekto sa mga bata, bilang isang nakaugalian gawain sa pang-araw-araw. Kahit pa na ang lahat ng bata sa mundo ay apektado sa pandemyang ito, ang

mga batang may kapansanan, nakatira sa urban poor, nasa isolation centers, at lugar na may digmaan ay nasa mas matinding kalagayan at hindi nila kayang ilahad ang kanilang saloobin hindi tulad ng matatanda.

Ayon sa datos ng Save the Children mula sa kanilang pag-aaral na *The Hidden Impact of COVID-19 on Child Protection and Wellbeing: A Global Research Series* (2020) inilahad nila na sa buong mundo 32% o 1/3 ang may ulat ng pang-aabuso kasama rito ang bata at matanda na inaabuso sa loob ng tahanan, 77% ng bata sa mundo ay marunong gumamit ng online space, 83% ng mga bata at 89% naman sa mga magulang at tagapangalaga ang nagkaroon ng negatibong emosyon dahil sa COVID-19 at sa 89% ng para sa mga magulang at tagapangalaga, 46% o halos kalahati doon ay dahil sa psychological distress ng mga bata. 62% ng kabuuang bilang ng mga bata at 83% naman para sa mga magulang at tagapangalaga ang nagkaroon ng negatibong emosyon dahil sa pagsasara ng mga paaralan noong ito ay nagsara makalipas ng 1 hanggang 4 na linggo, tumaas ang negatibong emosyon ng 96% sa mga bata at 95% naman para sa mga magulang nang lumipas ang pagsasara ng mga paaralan hanggang sa ika-17 hanggang 19 linggo. Ang mga batang mayroong disability o kapansanan ay napapadalas ang pag-ihi sa kama (7%), at madalas na pag-iyak at paghiyaw (17%) mula noong magkaroon ng outbreak hinggil sa COVID-19. Sa usapin ng balakid sa pagkatuto, 2% ng mga bata ang hindi nagkakaroon ng ganap na pagkatuto sapagkat sila ay naghahanapbuhay na. 2/3 o 63% ng batang kababaihan ang naiulat na mas nadagdagan ang kanilang ginagawang responsibilidad sa bahay, kumpara sa halos wala pa sa kalahati o 43% ng mga kalalakihan at 1 sa 5 (20%) ng batang kababaihan kumpara sa 1 sa 10 (10%) ng batang kalalakihan ang naiulat na maraming ginagawa sa tahanan kaya sila ay hindi na nakapagbigay-pansin sa pagkatuto sa paaralan.

Sa isinagawang pag-aaral, nakita na ang mga sumusunod na salik na nakaaapekto sa magulang o tagapangalaga at mga bata ay magkaugnay:

1. Ang kahinaan o kapansanan ng magulang o tagapangalaga ay nagkaroon ng kaugnayan sa pagtaas ng negatibo o bayolenteng metodo sa pagiging magulang, pagkawalay sa anak, pakiramdam ng kawalan ng pag-asa at dagdag na pasanin sa responsibilidad sa tahanan para sa mga bata.
2. Ang kawalan ng kabuhayan dahil sa COVID-19 ay nagresulta sa mataas na ulat ng domestic violence, ang pagkahiwalay ng mga bata sa kanilang mga tagapangalaga, mas mataas na lebel ng negatibong emosyon ng mga bata, pagbaba ng psycho-social skills ng mga magulang o tagapangalaga at mga bata dahil sila ay naghahanap-buhay na.
3. Kapag ang magulang o tagapangalag ay naiulat na kailangan lumayo dahil sa banta ng COVID-19, mayroon ding signipikanteng mataas na ulat ng pagkawalay sa bata at domestic violence kung nasaan naiwan ang bata.

4. Mataas ang bilang ng domestic violence, pagkawalay sa bata, mataas na lebel ng negatibong emosyon ng mga bata, at mababang kaalaman hinggil sa pangangalaga ng kaligatasan ng bata sa online space sa urban.
5. May mataas na bilang ng domestic work burden o gawaing bahay ang naiaatas sa mga bata kaya hindi sila nakapagbibigay tuon sa kanilang pagkatuto sa pag-aaral at kawalan ng suporta ng mga magulang at tagapangalaga sa kanilang pag-aaral (7).

Hinggil naman sa sexual abuse at exploitation sa mga kabataan, ayon sa Salinlahi Alliance for Children's Concern sa kanilang press release hinggil sa *Online Sexual Abuse and Exploitation (2020)*, mas lalong tumaas ang bilang ng mga batang inaabuso sa porma ng Online Sexual Abuse dahil sa lumalalang kahirapan at kawalan ng trabaho sa bansa. Kahit pa man nagpakita ang gubyerno ng datos na bumababa ang ulat ng Violence Against Women and Children hindi ito nagpapakita ng malinaw na imahe sapagkat sa aktwal maraming kababaihan at bata ang nakulong sa kanilang tahanan dahil sa lockdown at community quarantine na ipinatupad sa bansa. Ang lockdown at community quarantine ay nagpatindi ng domestic violence o pang-aabuso sa loob ng tahanan at sa kaso ng Online Sexual Abuse and Exploitation, kadalasan ang gumagawa nito sa mga bata ay ang taong malalapit sa kanila. Dahil sa kawalan ng kabuhayan, ayon sa isang panayam kay Kristel Magdaraog-Gomez mula sa UP Diliman Gender Office (2020) ay madalas magulang o mga malapit na kamag-anak ang pumapain sa bata para sa online sexual sites. Dahil sa panahon ng pandemya na ang lahat ng relasyon at komunikasyon ay matatagpuan na lamang online, naging adbentahe ito ng mga masasamang tao para gamitin ang mga bata sa gawaing mahahalay na sumisira sa kanilang pagkatao at tumatapak sa kanilang dignidad. Binigyang diin ito ng UNICEF sa kanilang ulat noong Marso 2020 na dahil sa containment measures na ipinatupad sa mundo dahil sa banta ng COVID-19 mas mataas ang posibilidad na ang isang bata ay makaranas ng pagpapabaya, aabuso, exploitation, rape, teenage pregnancy at iba pang porma ng pananamantala.

Nakilala tayo sa buong mundo nitong mga panahon ng community quarantine dahil sa iba't ibang marahas at hindi makataong pamamaraan na ginagawa ng mga kapulisan, baranggay officials, at iba pang mga nasa posisyon sa mga quarantine violators at ang ilan sa mga nasabi ay mga kabataan. Sa ulat ni Margaret Wurth sa Human Rights Watch (2020), sa lalawigan ng Cavite ay ikinulong sa kabaong ang dalawang kabataan na nahuling lumabag sa curfew noong Marso 26, 2020. Noong Marso 20, 2020 naman ay ikinulong sa kulungan ng aso ang limang kabataan sa lalawigan ng Santa Cruz Laguna. Samantala sa Binondo Manila naman noong Marso 19, 2020 ay hinuli ang walong kabataan, apat na babae at apat na lalaki dahil din sa paglabag sa curfew. Sapilitang ginupitan ng buhok ang pito sa kanila at ang isa na lumaban na huwag magupitan ay pinalakad nang halos nakahubo na pauwi sa kanila. Kahit pa sa kalagayan na ang matanda ang madakip sa panahon ng pandemya, nakalilikha ito ng panganib sa mga bata. Ayon sa

Rappler, noong Marso 30, 2020 ay nakapagtala ang mga awtoridad ng 17,000 na bilang ng mga taong lumabag sa COVID-19 emergency measures. Sa ilang pagkakataon, ang mga tagapangalaga ng mga bata ang nadadakip dahil sa paglabag sa COVID-19 emergency measures. Sa Tacloban City, dinakip ng mga awtoridad ang isang ina noong Marso 24, 2020 dahil pinayagan niyang maglaro sa labas ang kaniyang mga anak.

Hinggil sa ulat ng Save the Children Philippines noong 2020, ang mga bata na kabilang sa mahirap na pamilya ay mas nakararanas ng kalamidad at sakuna sa sitwasyon sa urban. Ang sitwasyon ng mga batang ito at ng kanilang pamilya ay mas lumalala sa panahon ng pandemya- sa pamumuhay sa masisikip na espasyo na may limitadong suplay ng tubig, kakulangan sa palikuran at paliguan, dahil dito, hindi sila nakatutugon sa health protocols tulad ng palagiang paghuhugas ng kamay, at social distancing. Sa kanilang pag-aaral natagpuan na ang mga batang Pilipino ay nangangamba para sa kanilang pagkain, tirahan, at seguridad dahil ang kanilang mga magulang o tagapag-alaga ay nawalan din ng kabuhayan at trabaho dahil sa lumalalang krisis ng kawalan ng opurtunidad sa paghahanap-buhay sa panahon ng Community Quarantine. Ngunit hindi lamang sa urban nagaganap ang marahas na pananamantala sa mga bata, noong Pebrero 15, 2021 dinakip ng mga pulis ang mga batang lumad at kanilang volunteer teachers habang nasa loob ng University of San Carlos-Talamban Campus. Tinawag itong “rescue operation” ng kapulisan at Department of Social Welfare and Development kahit walang sapat na batayan na ang mga bata ay dinukot at ginagamit para sa rebelyon o terorismo. Maaalala na ang mga batang lumad ay matapang na nananawagan para itigil ang pambobomba at pangwawasak sa kanilang mga paaralan, pagkontra sa mga minahan na gustong pumasok sa kanilang lupang ninuno at maging sa pagtigil ng pamamaslang sa kanilang mga Datu, Bai, guro, at iba pang mga kasama sa tribu. Malakas ang panawagan ng mga batang lumad para sa hustisya, edukasyon, kabuhayan at karapatan. Habang nasa piitan, ang isang batang lumad na ikinulong ay nagkaroon ng mga usapin pangkalusugan, siya ay hindi na makapagsalita at inuubo ng dugo at hindi na rin magawang makatayo. Sa loob ng piitan walang atensyong medikal na ibinibigay sa batang lumad at maraming kilalang personalidad ang nakisama sa panawagan na bigyan ng karampatang lunas ang batang lumad, kabilang na rito ang artistang si Angel Locsin. Noong linggo ng Marso 7, 2021 ay naganap ang Bloody Sunday sa rehiyon 4-A (Cavite, Laguna, Batangas, Rizal, at Quezon) na kumitil sa anim na aktibista, ang dalawa rito ay ang mag-asawang Evangelista na pinatay mismo sa loob ng kanilang tahanan sa Batangas habang natutulog kasama ang kanilang 10 taong gulang na anak. Nasaksihan ng bata ang malagim na sinapit ng kaniyang magulang sa kamay ng mga sundalo, nagtago ito sa ilalim ng papag sa sobrang takot para sa kaniyang buhay. Kahit pa may pandemya ay nagpapatuloy ang ganitong klase ng karahasan.

Ayon sa Salinlahi Alliance for Children’s Concerns, ang mga ekstensyon ng mga community quarantine ay maituturing na “anti-children” at itinatanong din nila kung ano ang “punishment” para sa mga bata. Isang taon na rin ang lumipas ngunit walang

naging maayos na solusyon ang pamahalaan kundi higpitan ang mga tao. Hindi rin umano nakapagbigay ng sapat na ebidensya ang mga awtoridad para sa pagpapatupad ng nasabing batas. Hindi rin mapipigilan na kwestyunin ang mga ganitong batas na ipapatupad muli sa ilalim ng Community Quarantine sapagkat maraming karapatang pantao at higit sa lahat, karapatan ng mga bata ang natapakan sa panahon ng pandemya.

**Ang radikal na kuwentong pambata sa panahon ng pandemya**

Hindi maipaghihiwalay ang panitikang pambata at edukasyon, lagi't laging tunguhin ng mga panitikang pambata ang mag-iwan ng aral sa kaniyang mambabasang bata at sa tulong ng radikalismo sa panitikang pambata naiaangat ang kamalayan ng bata hinggil sa realidad ng kaniyang lipunan. Sa pagbibigay kabuluhan sa panitikang pambata, ang panitikan para sa bata ay nakakawing sa edukasyon ng bata. Kung ano ang ituturo at paano tuturuan ang bata ay bumubukal naman sa mga kaisipan at pagpapalagay o asumpsiyon ukol sa bata. Masalimuot at masigla ang debate hinggil sa pagdalumat sa bata. May dominanteng konseptuwalisasyon na siyang may malaking impluwensiya sa ating pagtingin sa panitikan ng mga bata at sa kanilang edukasyon sa pamamagitan nito. May oposisyunal din namang pagdalumat sa bata na pinanggagalingan ng mga kritikal na diskurso sa panitikang pambata sa partikular, at maging sa edukasyon sa kabuuan. Alam natin ngayon na naging napakaimportante ng developmental psychology sa pag-aaral sa bata. Nadalumat nito ang mga antas ng pag-unlad ng bata (stages of development) at mga tradisyon ng bata sa kanluran. Mula rito, tiningnan na ang "childhood" ay isang pagsasanay o apprenticeship para sa "adulthood" na maaaring masubaybayan sa pamamagitan ng mga antas na nauugnay sa edad, pisikal na debelopment at "cognitive ability" (Woodhead, nasa Kehily 2004). Ang pag-agapay sa debelopment ng bata partikular sa kakayahang kognitibo ay nagagawa sa pagtuturo at isa na sa malaganap na praktis ang paggamit ng panitikan (Yu 83-84).

Maaaring maraming magsabi na hindi akma sa bata ang radikal na kuwentong pambata lalo na't sa panahon ng pandemya na maraming pinagdadaanan ang isang batang Pilipino. Hindi ito akma sa panahon ng pandemya at maaaring magbigay lamang ng dagdag bigat sa dibdib ng mambabasa. Ngunit ayon kay Evasco, mahalaga sa kathang pambata na hindi itinuturing na paslit o musmos ang bata. Ito aniya ang problema ng kulturang Pilipino ukol sa pagkabata. Kailangang magtiwala sa talino ng bata- maiintindihan nila ang mga salita, matutukoy ang kubling simbolo sa mga talata, matatanggap ang realismo sa akda, at maliligayahan sa mga bugtong na nakapaloob sa pantasya. Marapat na palayain ang mga bata sa kinamihasnang paniniwala na sila'y mga musmos, walang muwang, bubot, may gatas pa sa labi, o hindi pa ganap na tao. Marapat na gawing aktibong bayani ang mga batang tauhan na lulutas sa mga misteryo, hamon, at problema sa loob ng akda. Hindi dapat gawing biktima ng sitwasyon ang mga bata, o tagatanghod at tagamasid lamang sa

mga nagaganap ang bata. Pinakamalaking kasalanan sa pag-akda para sa mga bata ang gawing salimpusa ang mga batang tauhan sa loob ng katha (118).

Para sa ganitong mga paksa sa kuwentong pambata, ayon kay Evasco, tinukoy ni Ma. Elena Patterno ang panitikang pambata bilang katangi-tanging panitikang audience-oriented. Bukod sa katangian at kalikasang ito, nabanggit sa sanaysay ni Maria Nikolaveha (2006, 146-147) ang dual audience o dual address sa panitikang pambata. Pangunahing man itong nilikha para sa bata, isinasaalang-alang din ang matatanda bilang audience at market nito. Kailangan tugunan ng manlilikha ng aklat pambata ang kapwa bata at matanda. Wala naman talagang pinipiling edad ang mga aklat pambata para sa matanda. Maraming matatanda ang nararahuyo sa pagbabasa ng mga aklat pambata; marami ring mga batang naaakit sa pagbabasa ng mga aklat na pangmatanda. May mga akdang pangmatanda ang inampon ng mga bata bilang kanilang panitikan, lalo pa kung ang akdang ito ay itinakda bilang babasahin sa paaralan. Ngunit laging pakaisipin na ang kathang pambata ay pangunahing isinulat para sa bata (110). Ibig sabihin, tumutugon dapat ito sa interes, pangangailangan, at kapasidad sa pagbabasa ng mga bata. Dagdag pa ni Yu (2017) kung ano ang mabuti at katanggap-tanggap ay nakalugar sa usapin ng ideolohiya at kapangyarihan. Hindi ang batang mambabasa ang nagsasabi nito kundi ang mga nakatatandang gumaganap ng tungkulin o gawain ng pagpapalaki at pagtuturo at pagkalinga sa mga bata tulad ng mga magulang, guro, taong simbahan, gobyerno, paaralan, mga asosasyon, kilusang panlipunan, media, at iba pang institusyon sa lipunan. Sa hanay ng mga nakatatanda, na may tinatanganang posisyon at paniniwala, magkakaiba't nagkokontrahan ang ideya ng kung ano ang mabuti at katanggap-tanggap. Kung kaya't sa posisyon ng radikal na kuwentong pambata tulad ng kuwentong ibinahagi natin kanina, ang malaking gampanin ng magulang para ipaliwanag sa bata ang paksa ng kuwento tulad kung paano ipinaliwanag ng nanay ni Tintin sa kaniya ang nangyari kay Hulyan. Bahagi ng pagtanggap ng mga matatanda sa mga radikal na kuwentong pambata ang pagkilala na may mali na nagaganap sa lipunan at hindi ito dapat balewalain lamang. Ang pagkukwento nito sa mga bata ay nagbubukas ng kamalayan sa kanilang murang edad upang magkaroon ng pakialam sa kanilang lipunan at pakialam sa kanilang kapwa, at kapwa bata.

Kung babalikan ang pinakapayak na kahulugan ng panitikang pambata na ito ay "para sa bata" higit na mapaninindigan ang kahulugang ito kung ang akda ay naglilingkod para sa pangkalahatang interes ng mga bata at nagsisilbi para sa kanilang karapatan. Maaaring hindi mawawala ang konserbatismo para sa iilan dahil ito rin naman ay bahagi ng kultura na itinanim sa atin ng mga kolonyalisador buhat sa kanilang kanluraning konsepto ngunit kung sa kasalukuyang panahon ay lumilitaw na ang labis na pangangailangan para sa mga akdang nagpapakita ng kasalukuyang sitwasyon ng batang Pilipino sa ating lipunan at ito ay dapat na kinikilala bilang pananagutan hindi lamang ng mga manunulat kundi ng komunidad. Noong 2018, sa tulong ng Lampara Publishing House Incorporated ay nailathala ang tatlong antolohiya ng mga Radikal na Kuwentong Pambata na may mga

pamagat na *Hulagpos, Baklas,* at *Piglas.* Nagsilbing editor ng mga antolohiyang ito ay sina Eugene Y. Evasco at Segundo D. Matias Jr. at sina Ivan Reverente at Dom Ochotorena bilang ilustrador. Ito ang kauna-unahang pagkakataon na tinipon ang mga kuwentong nagsisikap na mag-alay ng bago, progresibo, radikal, at malikhaing mensahe para sa mga batang mambabasa. Inaasahan na ang mga akda rito ay magtuturo sa bata tungkol sa hustisyang panlipunan, karapatang pantao, pangangalaga sa kapaligiran, at pagkilala sa mga bayaning nagsusulong ng isang makatao at makatarungang lipunan. Hangad ng antolohiyang ito na bigyang-kapangyarihan ang mga bata sa pamamagitan ng pagmulat at paggabay sa kanila bilang mga mapanuring mamamayan. Inaanyayahan ng antolohiyang ito ang mga bata na hindi lamang maging tagatunghay sa mga pangyayari kundi nakikibaka at nakikisulong tungo sa pagbabago (2018). Sa librong ito ipinaliwanag ni Segundo D. Matias Jr. na maraming mga paksa ang maseselan na dapat sana'y puwedeng ibahagi sa mambabasa. Ang paksang panggagahasa, racism, diskriminasyon, incest, LGBT, iba't ibang uri ng krimen, at kung anu-ano pang maseselang kuwento na hindi isinusulat at nilalathala ay maaaring isinasantabi lamang sa takot na baka hindi magustuhan ng mga magulang, mga guro, at iba pang mambabasa na ang nakasanayan ay iyong tinatawag na *ligtas* na mga kuwento para sa bata. Na hindi nila dapat malaman ang maseselang paksa. Pero bakit natin ipagkakait sa mga bata ang totoong nangyayari sa paligid? Wala bang karapatan ang mga bata na malaman ang lahat-lahat ng nangyayari sa totoong buhay? (3).

Maraming layunin ang radikal na aklat pambata bukod sa pananaw ng ilan na mapanggulat lamang ito at nagtatangkang maging kontrobersyal. Hinihikayat nito ang mga bata na sumuri at magtanong imbes na laging sumunod sa may kapangyarihan. Tinuturuan nito ang mga bata na umangat kaysa sumunod sa mga inaasahan o mga nakasanayan sa lipunan. Hinahangad nitong paunlarin ang kritikal na pag-iisip sa daigdig na kanilang mamanahin sa mga naunang henerasyon. Ipinapaalam nito sa mambabasa na mayroon silang panlipunang responsibilidad at hindi lamang mga mamamayang dapat protektahan at kalingain. Kaugnay nito, inilalahok nito ang mga bata sa anumang pagkilos tungo sa pagbabago at hamunin ang mga uri't anyo ng inhustisya sa lipunan (Evasco 7-8).

Dahil sa umiigting na krisis sa lipunan dulot ng pandemya, magandang balikan muli ng mga manunulat ang katangian ng radikal na panitikang pambata ayon kay Evasco. Una, dapat nakabatay ito sa maaasahan at tamang impormasyon. Ang mga matagumpay na kuwento at nobelang radikal ay buhat sa kumpisal ng mga awtor o kaya nama'y produkto ng masigasig na pananaliksik sa paksa. Pangalawa, dapat ay nakabatay ito sa mapagpalayang pananaw sa lipunan at hindi ang kombensiyonal o tradisyonal na akdang nagpapatibay ng nakaugalian at nakamihasnan. Panghuli, mahalagang makapangyarihan ang pagkakasulat upang makaapekto sa mga batang mambabasa. Hindi rin naman mainam na radikal lamang ang paksa at naisasantabi na ang estilo o ang kasiningan. Kailangang itampok ang makapangyarihang batang tauhan na hindi tauhan sa pagtatapos ng kuwento. Kung sila'y biktima man ng sistema, maaaring bigyan ang mambabasa ng bahid ng pag-asa na maaari pang mapagbuti ang lipunang ginagalawan.

## METODOLOHIYA

Ang pag-aaral ay isang kwalitatibong pananaliksik na gumamit ng textual analysis sa pagsisiyasat sa mga teksto sa radikal na kuwentong pambata na naisulat sa panahon ng pandemya. Ang textual analysis ang isang metodo ng pananaliksik na ginagamit upang ipaliwanag, bigyang kahulugan at maunawaan ang teksto. Sa pagsasaliksik, natagpuan ang *Ang Misteryo sa Patong-patong na Damit ni Hulyan* ni Bernadette Villanueva Neri at guhit ni Emiliana Kampilan na tumatalakay sa Online Sexual Exploitation of Children. Sa nabanggit na radikal na kuwentong pambata ay naipakita ang isang mabigat na suliranin ng mga batang Pilipino sa panahon ng pandemya gamit ang teksto at imahe. Ang mga librong ito ay maituturing na paper-based multimodal text bilang isang picture book. Mula doon ay maipapakita ang kahalagahan ng pagkakaroon ng radikal na kuwentong pambata upang mailapit sa mambabasa, bata man o matanda, maging sa komunidad ang kahalagahan ng mga sensitibong paksa upang maging katuwang sa pagtataguyod ng karapatan ng bata sa panahon ng pandemya.

### Ang Misteryo sa Isang Radikal na Kuwentong Pambata sa Panahon ng Pandemya

Ang radikal na kuwentong pambatang *"Ang Misteryo sa Patong-patong na Damit ni Hulyan"* ay tumatalakay sa sensitibong usapin ng Online Sexual Exploitation of Children na isinulat ni Bernadette Villanueva Neri at guhit ni Emiliana Kampilan sa pakikipagtulungan ng UP Diliman Gender Office at National Council of Churches in the Philippines. Noong nakaraang Marso 20, 2021 ay naganap ang lungsad-aklat nito sa Ang Ikaklit sa Aming Hardin Facebook page. Unang nailathala noong 2020 at ang ikalawang lathala ay nitong Enero 2021 bilang nirebisang edisyon. Tinatalakay ng kuwentong pambata na ito mula sa kwento ng batang si Tintin ang malaking pagbabago ng kaniyang paboritong pinsan na si Hulyan nang ito ay dalhin sa kanilang tahanan.

Madalas na nagsisimula ang mga picture book ng radikal na kuwentong pambata sa gabay sa pagbabasa para sa mga magulang, guro, at tagapag-alaga ng bata. Mahalaga itong bahagi ng libro kung saan ipinapaliwanag muna ng awtor ang paksa na nakapaloob sa nasabing picture book. Inilahad sa gabay ang aktwal na datos na 80% ng mga batang Pilipino ay bulnerable sa online na pang-aabusong sekswalidad o Online Sexual Exploitation of Children.[1] Nagbigay ng tatlong gabay na maaaring maging bahagi ng talakayan sa pagbabasa ng libro kasama ang bata. Una, nilikha ang mga bata na kawangis ng imahen ng Diyos. Karapatan ng mga batang mamuhay sa ligtas na mga komunidad. Sila rin ay may karapatan para sa proteksiyon mula sa pang-aabuso at karahasan. Ikalawa, ang OSEC ay ang produksiyon ng mga awdio-biswal na materyal na nagpapakita ng seksuwal na pang-aabuso sa mga bata. Ipinalalaganap ito sa mundong birtuwal o online (hal. mga larawan,

[1] Ayon sa UNICEF, makikita sa ikalawang pahina ng librong Ang Misteryo sa Patong-patong na Damit ni Hulyan

bidyo, livestreaming, at iba pa). Madalas, ang mga taong malapit at pinagkakatiwalaan ng mga bata ang sila ring nagsasagawa ng ganitong mga uri ng pagsasamatala. Panghuli, mahalagang malaman ng mga bata ang tungkol sa OSEC, lalo na ang pamamaraan upang maging ligtas sila mula sa pang-aabuso at karahasan. Sa ikatlong pahina, nagbigay ng obhektibong layunin ang awtor na si Prop. Neri na maaaring gamitin ang aklat na ito bilang lunsaran ng pagtalakay sa saloobin ng bata tungkol sa sekswalidad na eksploytasyon partikular na yaong nangyayari sa mundong birtuwal. Gayon din, hinahangad ng teksto na makapag-ambag sa proseso ng pangangalaga sa mga bata at ng pagpapamalay sa kanila na mayroon silang kapangyarihang maghilom at/o maging bahagi nito. Malinaw na sa ikalawa at ikatlong pahina pa lamang ng libro ay inilahad na ng awtor at ng mga organisasyon na katuwang ang layunin ng akda. Ipinaliwanag nila kung ano ang OSEC at ang kasalukuyang sitwasyon nito sa ating bansa. Mahalaga na sundin ng mga matandang mambabasa na para sa bata ang mga paalala upang magabayan ang bata at maipaunawa sa kanila ang kanilang kapangyarihan upang iwasan, pigilan at maging katuwang sa paghilom ng mga kapwa nilang bata na dumaan sa nasabing pang-aabuso.

Sa pagsisimula ng kuwento malinaw na ipinakita ng ilustrador na ang lugar ng pangyayari ay nasa rural, ang bahay nina Tintin ay gawa sa payak na materyales na matatagpuan sa probinsya gaya ng kahoy, malawak ang kanilang bakuran, at mayroong mga namumungang puno tulad ng punong mangga. Ipinakita rin ng ilustrador ang magagandang larawan ng paglalaro ng isang bata tuwing bakasyon o hapon, mga larawan ng paghahabulan at tumbang preso. Ipinaliwanag din ng awtor na malapit ang relasyon ng dalawang batang si Hulyan at Tintin at pinagtibay ito ng kanilang pagtutulungan upang magwagi sa mga larong pambata na kanilang ginagawa.[2] Mahusay na ipinakita ng awtor at ilustrador ang saya sa buhay ng dalawang bata sa kanilang paglalaro. Naipakita ang tunay na gawain ng bata ay sulitin ang kaniyang buhay sa paglalaro upang matuto at masulit ang kaniyang pagkabata. Pagkatapos ng paglalarawan sa paglalaro ng dalawang bata at pag-uwi ng batang si Tintin ay nagmamadaling gumayak ang kaniyang tatay upang sunduin si Hulyan. Makikita sa larawan sa pahinang ito ang batang si Tintin na kumakaway sa kaniyang ama habang nakasuot ng facemask. Gabi na nang nakarating sa kanilang bahay si Hulyan, pinagtibay ito ng larawan na may orasan na nagpapakita ng 7:15 at ng imahe ng mukha ni Hulyan na labis ang kalungkutan at mukha ni Tintin na labis ang pag-aalala. Mula nang araw na iyon, napansin ni Tintin ang malaking ipinagbago ni Hulyan. Sa paglalahad ng awtor,

[2] Pahina 6 ng *Ang Misteryo ng Patong-patong na Damit ni Hulyan:* "Sina Tintin at Hulyan din ang magkasangga sa mga laro sa kalsada. Mabilis silang tumakbo. Kaya sa habulan at tumbang-preso, sila palagi ang panalo."

*"Parang natatakot ding lumabas. At madalas, basta na lang itong napapatitig sa kawalan."* [3]

ito ay nagpapakita ng malaking trauma na pinagdaanan ng batang si Hulyan. Malaki itong pagbabago sa isang bata dahil likas sa isang bata ang maglaro at sumama sa kaniyang mga kalaro. Hindi lamang sa pag-iwas sa mga kalaro, nagsimula na ring magsuot ng patong-patong na damit si Hulyan kahit pa mainit at mas lalo itong ikinababahala ni Tintin. Ipinakita ng mga larawan kung ilang patong ng damit ang isinusuot ng batang si Hulyan. Pabulong na nagkuwento si Hulyan sa kaniyang pinsan. Itinatago raw ni Hulyan ang kaniyang katawan sa halimaw na nasa kwadradong liwanag o kompyuter. Tuwirang sinabi ni Hulyan ang pakiramdam kapag siya ay nasisilip ng halimaw, siya raw ay nanliliit. Malinaw na manipestasyon ito ng panliliit sa sarili ng bata sa sitwasyon. Isa rin itong malinaw na pahiwatig ng pagtapak sa dignidad ng bata at pahayag na ito ay hindi sang-ayon sa kaniyang kalooban.

*"Ani Hulyan, nagsisilbing kalasag ang kaniyang mga damit mula sa nag-uutos na boses at titig na nanlalagkit."* [4]

Mula sa pahayag na ito ng batang si Hulyan ay pinapakita niya na depensa sa halimaw ang pagsusuot ng patong-patong na damit. Ginamit ng awtor ang salitang *nanlalagkit,* ibig sabihin ng malalim na pagnanasa ng taong nasa loob ng kompyuter sa katawan ng batang lalaki. Sa pakikinig ni Tintin sa kuwento ni Hulyan, siya ay napahanga sa husay ng pagkukwento ng kaniyang pinsan. Nagpapakita rin ito ng pagiging inosente ng batang si Tintin, hindi pa malalim ang pag-unawa ng bata sa kuwento at reyalidad. Malawak ang pag-unawa ng bata ngunit hindi pa ganoon kalalim para iproseso at para husgahan kung ito ba ay totoo o hindi. Nang tuwirang sinabi ni Hulyan na ayaw niya ang ipinagagawa sa kanya ng tinig ay umiyak na ito nang malakas. Sa pahinang ito makikita ang larawan ng mga mata, ngipin at dilang mahaba ng halimaw sa kwadradong liwanag. Hindi mapatahan ni Tintin ang kaniyang pinsan kaya't minabuti niyang tawagin ang kaniyang mga magulang. Nang mapansin ng mga magulang ni Tintin na nahihirapang huminga ang bata, sinikap nilang alisin sana ang mga nakapatong na damit kay Hulyan ngunit lalo nitong hinigpitan ang pagyakap sa sarili. Habang minamasdan ni Tintin ang pag-iyak ng kaniyang pinsan ay tila may namumuong pait sa kaniyang lalamunan. Nangangahulugan ng labis na sakit na nararamdaman ni Tintin sa kaniyang nasasaksihan, hindi kayang iproseso ng bata ang kaniyang pag-aalala at awa na nararamdaman kaya ang metapora ng pait sa kaniyang lalamunan ay isang representasyon ng pagdama ni Tintin sa pait na nararamdaman ng kaniyang pinsan. Kinabukasan ay dumating ang isang sikolohistang hiningan ng tulong ng mga magulang ni Tintin. Sa tulong nito ay nakapagbukas si Hulyan sa kaniyang malagim na

[3] Pahina 11 ng librong *Ang Misteryo sa Patong-patong na Damit ni Hulyan.*

[4] Pahina 14 ng librong *Ang Misteryo sa Patong-patong na Damit ni Hulyan.*

karanasan sa pagpapa-sayber sa kaniya ng sariling ama. Madalas daw siyang paharapin sa kompyuter at inuutusan si Hulyan ng boses na nagmumula rito. Sa guhit na ito ay ipinakita ang batang si Hulyan na nakaharap sa kompyuter, nakakunot ang noo at malungkot ang mukha. Samantala, ang kaniyang ama na nakatayo at nakakapit sa upuan ng bata ay titig na titig sa harap ng kompyuter at tila seryoso ito sa pinagagawa sa anak. Tinapalan ng itim na kulay ang kalahati ng mukha ng ama ni Hulyan, natatakpan ang mata at tainga nito. Mahusay na naipakita ng ilustrador ang imahe ng ama ni Hulyan na napupuno ng itim o kadiliman ang mata at tainga nito. Bulag at bingi sa tunay na pangangailangan ng anak at walang kabutihang nais para sa kaniyang anak. Ipinapakita rin ng larawan ang tatlong incoming calls na lahat ay sasagutin, ibig sabihin ay maraming masasamang tao ang ipinapaharap sa batang si Hulyan.

*"Minsan, pinapapanood daw siya ng malalaswang bidyo, pinaghuhubad sa tapat ng webcam habang pinapahawakan ang iba't ibang bahagi ng kaniyang katawan."*[5]

Ito ang dahilan kung bakit maraming sinusuot na damit si Hulyan. Sa pagbabasa ng librong ito, ang pinakamakirot na ilustrasyon at mga salita ay matatagpuan sa dalawang pahinang ito. Gamit ang watercolor, ipinakita ng ilustrador ang mga nanlilisik na mata sa loob ng kompyuter, ang mga bibig ng matandang lalaki na animo'y sumisigaw sa batang lalaking natatakot, ang mahabang dila na kamay na nais lumusot sa screen dahil sa pagnanasa, ang payak na katawang hubo ng isang batang lalaki, ang batang lalaking nakasuot lamang ng t-shirt at walang salawal na tumatakbo at gustong makawala sa sitwasyon ngunit sa kabilang pahina ay nadakip pa rin ng kamay na lumusot sa screen, at malaking imahe ng batang nakaupo sa sahig, walang damit, umiiyak habang naka-live recording sa sayber. Mahusay na naipakita ng ilustrador ang mga larawan na ito, higit sa lahat ang pagpili ng media at kulay na ginamit sa paglikha ng mga larawan upang sa magaan na kulay ng dilaw, asul at itim ay naipapakita nang malinaw ang isang mabigat at nakapanlulumo na sitwasyon. Matapang at walang pangingimi na ibinigay ng awtor at ilustrador ang mga salita at larawan para ipakita ang isang mabigat na krimen sa paraang mauunawaan ng isang bata.

Kinabukasan, habang tulog pa si Hulyan kinausap si Tintin ng kaniyang ina upang ipaliwanag ang nangyari sa kaniyang pinsan at ang mismong dinanas nito sa kaniyang Tito. Ipinagbigay alam din ng kaniyang ina na nadakip na ang ama ni Hulyan. Pinaalalahanan niya rin si Tintin na mag-ingat at magsumbong kung mayroong taong nais humawak sa katawan nito, personal man o sa kompyuter. Umiyak si Tintin dahil ramdam niya ang labis na lungkot para kay Hulyan. Regular na bumibisita ang sikolohista para kay Hulyan at sa tulong ng buong-pusong pag-unawa at pagmamahal ng pamilya ni Tintin, hindi rin nagtagal ay unti-unting binawasan ni Hulyan ang patong-patong na damit. Dahan-dahan ding

[5] Pahina 20 ng librong *Ang Misteryo sa Patong-patong na Damit ni Hulyan.*

nagbalik ang pagkanta at pakikipagkwentuhan ni Hulyan sa mga tao. Tuwing minamasdan ni Tintin si Hulyan, alam niyang matututuhan niyang muli ang paglabas at pakikihalubilo sa ibang mga bata.

*"Paboritong pinsan ni Tintin si Hulyan. Hindi lang dahil lagi itong handang makipaglaro at magaling umakyat ng mga puno. Hinahangaan niya nang husto si Hulyan dahil sa tapang nitong hindi pangkaraniwan."*[6]

Nagwakas ang libro sa larawan ng dalawang magpinsan na naghahabulan sa ilalim ng sinampay na jacket na kahel ni Hulyan. Imahe ng paglaya at pagbabalik sa tunay na tungkulin ng bata- ang maglaro.

Buong lakas na hinain ng libro sa mambabasa ang isa sa pinakasensitibong usapin na nangyayari sa panahon ng pandemya. Sa panahon ng community quarantine na nasa loob lamang ng tahanan ang mga bata, mas malaki ang tyansa para sila ay mailagay sa ganitong sitwasyon. Mahusay na sinimulan ng awtor at ilustrador ang kuwento sa pagpapakita sa tunay na gawain ng bata na paglalaro at sulitin ang kaniyang pagkabata. Nagmamateryalisa sa kuwento ang katotohanan sa pagiging inosente ng mga bata, ang pagkamangha ni Tintin sa husay ni Hulyan sa pagkukwento at sa takot at lungkot na nararamdaman ng bata para sa kaniyang pinsan. Mapapansin din na malinaw ang bilang ng karakter sa kuwento, hindi marami at ang lahat ay mayroon naging ambag sa buhay ni Hulyan. Signipikante ang bawat karakter lalo na ang karakter ng magulang ni Tintin, sila ang naging halimbawa ng responsableng magulang at kamag-anak. Ibinigay nila ang suportang nararapat at naghanap ng taong tiyak na makatutulong upang mapabuti si Hulyan. Makikita ang aksyon na ginawa ng mga magulang ni Tintin sa kuwento, mula sa pagmamadali ng kaniyang ama upang sunduin si Hulyan at pagkausap ng ina ni Tintin sa kaniya upang maipaliwanag at maiproseso ng bata ang katotohanan. Magandang halawan ng matatanda ang mag-asawang ito bilang matatapang na taong handang tumulong at sumuporta sa mga batang biktima ng karahasang sekswal at iba pang porma. Maski sa totoong kalagayan, maaaring tumulong ang kahit na sino kahit pa hindi kamag-anak, lahat tayo ay dapat tulungan ang batang biktima ng Online Sexual Exploitation at isumbong ito sa mga kinauukulan upang madakip agad ang gumagawa ng ganitong krimen sa bata. Isa pang pagdidiin na ibinibigay ng radikal na kuwentong pambatang ito ay ang katotohanan na walang kasarian ang karahasan. Maski ang batang lalaki ay nagiging biktima nito. Maraming pedopilya na nagkalat sa socia media na ang hinahanap ay mga batang lalaki. Pinaninindigan ng akda na anuman ang kasarian ay dapat protektahan ang bata. Buo ang kaisahan ng akda, pinanindigan nito na ang bata ay puwedeng maging bahagi ng paggaling ng kapwa bata. May kapangyarihan ito na makatulong at makasama sa pagtataguyod ng isang ligtas at makataong lipunan, mararamdaman ito ng mambabasa sa karakter

[6] Pahina 28 ng librong *Ang Misteryo sa Patong-patong na Damit ni Hulyan.*

ng batang si Tintin. Hindi lamang naging batang tagamasid kundi naging katuwang siya ng kaniyang mga magulang para makabangon muli si Hulyan. Hindi nawalan ng pag-asa ang batang si Tintin para sa kaniyang pinsan kung kaya't siya ang pinaghugutan ng lakas ng batang si Hulyan upang sumubok muli sa buhay. Magandang ipakita sa mga batang mambabasa ang katangian ng batang si Tintin bilang kaagapay sa hirap man o ginhawa, sa saya man o sa lungkot ng pagkabata. Ipinakita sa atin ng mga karakter na si Hulyan at Tintin ang tunay na kahulugan ng pagiging bata at kung bakit natin kailangan isulong ang karapatan at kaligtasan ng bawat bata sa anumang panahon.

**Ang Online Sexual Exploitation of Children (OSEC) sa panahon ng pandemya sa Pilipinas**

Sa akdang ito matatanaw ang mga basikong karapatan na sumusunod: karapatan ng bawat bata ang maglaro at sulitin ang kanilang pagkabata, karapatan ng bawat bata ang maprotektahan laban sa anumang kapahamakan at karapatan ng bawat bata ang maalagaan kung wala ang presensiya ng kaniyang magulang o tagapag-alaga. Malinaw na naipakita ng akda ang pangangailangan ng isang komunidad na tumututol sa OSEC. Sa ulat ni Balingit (2021) ay nangunguna ang Pilipinas sa buong mundo bilang hanguan ng sekswal na larawan at audio-bidyo ng mga bata at hindi nakakatulong ang pandemya para tuluyang matigil ang ganitong mga krimen sa kabataan dahil sa kawalan ng kasiguraduhan sa pagsugpo ng sakit sa bansa at tuloy-tuloy rin na banta sa muling pagbabalik ng mas mahihigpit na Community Quarantine sa iba't ibang lugar sa Pilipinas. Sa pag-aaral na isinagawa ng International Justice Mission Philippines mula noong Marso hanggang Mayo 2020, ang Pilipinas ay nakatatanggap ng 8 pataas na mga imbitasyon mula sa mga pedophiles o mga matatanda na may sekswal na pagnanasa sa mga menor de edad. Tulad sa karanasan ng batang si Hulyan sa kuwento, kinikilala na family-crime ang OSEC. Sa 217 na naitalang biktima, 41% sa kanila ay ipinain ng kanilang mismong magulang at 42% naman ay ibang kamag-anak, ang natitirang 17% ay walang relasyon sa biktima (6). Nagbigay ng 10 rekomendasyon ang International Justice Mission upang paigtingin ang paglaban sa OSEC- una, kinakailangang paglaanan ng pondo at mekanismo ang Anti-Trafficking Law enforcement units hanggang sa makakilos ito nang may sapat na kakayahan at kaalaman gamit ang makabagong teknolohiya upang mabilis na matunton sa birtwal na espasyo ng internet ang mga taong gumagawa nito sa mga bata. Ikalawa, dapat ipagpatuloy at tanganan ng International at Philippine Law ang bukas na komunikasyon at relasyon upang mapanagot ang lahat ng perpetrators mula sa iba't ibang panig ng mundo. Ikatlo, siguraduhin ng International at Philippine Law enforcement agencies na ang mga kaso ng OSEC ay dapat tutukan ng Philippine Anti-Trafficking units. Ikaapat, siguraduhin ng pamahalaan at mga non-government service providers ang pagbibigay ng serbisyong makatutulong sa pagtugon sa trauma at iba pang kabuuang pangangailangan ng mga OSEC survivors, pamilya at maging buong komunidad na kinabibilangan nito. Ikalima, ipatupad sa proseso ng prosekyusyon ang pangangalaga sa bata at trauma-informed care upang maprotektahan ang batang biktima ng OSEC sa re-traumatization. Ika-anim,

kailangang matukoy at matunton ng mga technology platform ang mga nangyayaring OSEC livestreaming. Ikapito, paigtingin ng lahat ng sektor sa komunidad ang proseso ng pagtukoy at pag-ulat sa mga nangyayaring OSEC sa kanilang lugar. Ikawalo, ipatupad sa lahat ng rehiyon sa Pilipinas ang mandatory na pag-uulat sa mga Child Sexual Exploitation Materials upang mapabilis ang proseso ng pag-ulat at pagtigil sirkulasyon ng mga ito sa internet. Ikasiyam, kailangang magsagawa ng mga pananaliksik hinggil sa OSEC ang mga OSEC-related data owners, academic technology designers, at eksperto sa OSEC upang mapataas ang global na kaalaman hinggil dito upang makalikha ng malawakang community stakeholder sa buong mundo upang malabanan agad ang mga magtatangkang gumawa ng OSEC sa komunidad. Ikasampu, kailangang mag-ambag ang lahat ng stakeholder upang mapataas ang internasyunal at cross-sector na pakikipagtulungan upang maprotektahan ang mga bata mula sa online exploitation (19-23). Batay sa mga rekomendasyon na nabanggit sa itaas ay malalabanan ng buong komunidad ang OSEC at mapangangalagaan ang bawat bata sa panahon ng pandemya. Magsilbing inspirasyon nawa ang mga tauhan sa kuwentong *Ang Misteryo sa Patong-patong na Damit ni Hulyan* upang maging katuwang ng batang biktima upang makapagsumbong at makabangon muli sa masakit na karanasan.

**Pangangailangan sa pagkatha atpagtugon sa panawagan**

Tulad ng mga karakter ng nanay at tatay ni Tintin na nagsilbing liwanag ng batang si Hulyan, tayong lahat ay mayroong kakayanan na sumama sa paglaban sa Online Sexual Exploitation of Children at maging katuwang sa panawagan nito. Kinakailangang maging sensitibo ang komunidad hinggil sa ganitong suliranin, iulat ang nababalitaang krimen upang makulong ang mga matatandang gumagawa nito sa mga bata tulad ng nangyari sa ama ni Hulyan. Sa aktwal, hindi lamang OSEC ang suliranin ng mga batang Pilipino. Batay sa sitwasyon ng batang Pilipino, nangangahulugan na marami pang suliranin ang kinakaharap ng mga ito at mas lalo itong umiigting sa panahon ng pandemya. Maging inspirasyon nawa sa lahat ng manunulat ang radikal na kuwentong pambata ni Bernadette Villanueva Neri at ang ilang mga sitwasyon ng batang Pilipino na naibigay sa itaas upang sumulat sila ng isang radikal na kuwentong pambata sa panahon ng pandemya. Kailangang paigtingin ang mga ito at bigyan ng pansin tulad na lamang ng lumalalang krimen ng Online Sexual Exploitation of Children sa ating bansa.

Sa paglikha ng radikal na kuwentong pambata sa panahon ng pandemya ay mapanghahawakan ang tunay na esensya na naglilingkod ang akda para sa bata, sa kaniyang interes at para sa kaniyang kinabukasan. Hindi man lahat ng manunulat ay may talento sa pagsulat ng kuwentong pambata, sapat na ang kagustuhan ng lahat na indibidwal para sa isang lipunang ligtas para sa mga bata upang suportahan ang paglikha sa mga radikal na kuwentong pambata. Ang paglikha nito sa kasalukuyan ay magbibigay ng espasyo para mabigyang pansin ang sitwasyon ng mga bata, mababalikan ang mga krimen at inhustisyang nagaganap sa panahon ng pandemya. Hinog na ang kalagayang

panlipunan dahil sa nakikitang sitwasyon ay tila wala pa ring kasiguraduhan ang kinabukasan ng mga batang Pilipino sa patuloy na pagtaas ng kaso ng COVID-19. Wala ring nakaaalam kung hanggang kailan pa ito ngunit isa lang ang nasisiguro ng lahat, sa konteksto ng bansa-ito ay matagal pang haharapin. Ngunit hindi naghihintay ang bawat oras, araw, buwan, at panahon dahil ang mga bata ay lumalaki rin at sa kanilang paglaki ay maraming pangangailangang matugunan. Ang bawat bata ay hindi lamang responsibilidad ng kani-kanilang mga magulang, ito ay responsibilidad ng kaniyang bansa. Karapatan nitong makapag-aral, mabuhay, magkaroon ng maayos na tahanan at damit, maging ligtas saan man lalo na sa panahon ng pandemya kung kaya't ang panahon ng pandemya ay panahon ng pangangailangan sa radikal na kuwentong pambata. Ito ay kasalukuyan at ang pangangailangan.

## SANGGUNIAN

Aljama, Cesar G., Mar Anthony Simon dela Cruz, Angelica Bautista, Edgar P. Aladeza, Roland B. Tolentino, Violet Bilibao, Leslie Corpuz, et al. *Piglas: Antolohiya ng mga Radikal na Kuwentong Pambata*. Manila, Philippines: Lampara Publishing House Incorporated, 2018.

Baclig, Cristina Eloisa. "UNICEF asks PH gov't: Listen, address Filipino children's issues during pandemic." *Inquirer.Net.* November 20, 2020. https://newsinfo.inquirer.net/1363003/unicef-asks-ph-govt-listen-address-filipino-childrens-issues-during-pandemic.

Day, SunGrey. "Ang Halimaw na si Corona Virus 2020." *YouTube.* May 2, 2020. https://www.youtube.com/watch?v=LmMrENz_f7M.

Daza, Izabelle. "Facebook." *Facebook.* April 20, 2020. https://www.facebook.com/BelleDazaOfficial/posts/3002135133157102.

Evasco, Eugene Y. "Pag-akda at Pagkabata: Ang Namamayaning Tunguhin at Estetika sa Panitikang Pambata ng Pilipinas." *Humanities Diliman*, Vol. 8, No.2, 2011: 105-144.

Hardin, Ang Ikaklit sa Aming. "Ang Misteryo ng Patong-Patong na Damit ni Hulyan (Paglulungsad)." 20 March 2021. *Facebook.* https://www.facebook.com/410403059009005/videos/849531605630655.

International Justice Mission. *Online Sexual Exploitation of Children in the Philippines: Analysis and Recommendations for Governments, Industry, and Civil Society*. United States of America: Internation Justice Mission, 2020.

Loperfido, L. and M. Burgess. "The Hidden Impact of COVID-19 on Child Poverty." London, *Save the Children* International, 2020.

Macasero, Ryan. "Raid or rescue? What we know so far about Lumad arrests in Cebu City." *Rappler.* February 17, 2021. https://www.rappler.com/nation/national-news/what-we-know-so-far-police-arrests-lumad-cebu-city.

Maniulit, Ma. Victoria A., Jeng Guansing de Dios, John Mervin Embate, John Jack G. Wigley, Ed Maranan, Early Sol A. Gadong, Camille Josephine C. Cruz, et al. *Baklas: Antolohiya ng mga Radikal na Kuwentong Pambata*. Manila, Philippines: Lampara Publishing House Incorporated, 2018.

Neri, Bernadette V. *Ang Misteryo ng Patong-patong na Damit ni Hulyan.* Quezon City: National Council of Churches in the Philippines, 2020.

Ritz, D., G. O'Hare, and M. Burgess. "The Hidden Impact of COVID-19 on Child Protection and Wellbeing." *Save the Children.* 2020.

Salinlahi Alliance for Children. "Online sexual abuse and exploitation of children increases as PH poverty worsens." *Facebook.* March 8, 2021. https://www.facebook.com/salinlahiphilippines/posts/3163801753882182.

Save the Children. "COVID-19 pandemic worsens child poverty." *ReliefWeb.* June 10, 2020. https://reliefweb.int/report/philippines/covid-19-pandemic-worsens-child-poverty?fbclid=IwAR2_pH02dWwzaGFzNFjJdaFBZEzfpOGLpnuzf6xGPIGeZ7MmxgWgrlsWWYw.

Silarde, Vincent, Renato C. Vibiesca, Mary Ann Reginaldo, China Patria M. De Vera, Roda Tajon, Cris Lanzaderas, Luchie B. Maranan, et al. *Hulagpos: Antolohiya ng mga Radikal na Kuwentong Pambata*. Manila, Philippines: Lampara Publishing House Incorporated, 2018.

UPLB Department of Human and Family Development Studies. "UPLB Department of Human and Family Development Studies." *Facebook.* April 13, 2020. https://www.facebook.com/watch/?v=811442336012034.

World Vision. "Children's health and survival must be a priority amid the COVID-19 pandemic." 2020. *https://www.worldvision.org.ph/.*

Wurth, Margaret and Carlos H. Conde. "Philippine Children Face Abuse for Violating Curfew." *Human Rights Watch.* April 3, 2020.
https://www.hrw.org/news/2020/04/03/philippine-children-face-abuse-violating-covid-19-curfew?fbclid=IwAR3BLsu9t2vQIFPFaCv0vAsI5AqM6nSszJgQcrdWw2HtsY8osvhS32GX0Vk.

Yu, Rosario Torres. "Panitikang Pambata, Edukasyon, at Konsepto ng Bata: Mga Palaisipan at Panukala." *Humanities Diliman,* Vol. 8, No.1, 2011: pp.80-99.

**HINGGIL SA MAY AKDA**

Si **ALYSSA MANALO TEODORO** ay kasalukuyang instruktor ng asignaturang filipino sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas Sta.Mesa, Manila sa ilalim ng Kagawaran ng Filipinolohiya-Kolehiyo ng Artes at Literatura. Nagtapos siya ng kursong Batsilyer ng Sekundaryang Edukasyon Medyor sa Filipino noong 2016 sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas Sta.Mesa, Manila at Master ng Artes sa Filipino noong 2019 sa nasabi ring pamantasan. Siya ay isang lisensiyadong guro at dalawang taong nagturo bilang Preschool Teacher sa Marvelous Faith Academy of Bacoor. Kasalukuyan siyang naninirahan sa General Trias, Cavite kasama ang kaniyang mga anak na sina Crisanto, Alab Mirasol, at Telo Himig.